

WORD

¹⁹“Sa araw na ito, tinawag ko na maging saksi ang langit at ang lupa kung alin dito ang pipiliin ninyo: buhay o kamatayan, pagpapala o sumpa. Piliin ninyo ang buhay para mabuhay kayo ng matagal pati na ang inyong mga anak. ²⁰Mahalin ninyo ang Panginoon na inyong Dios. Sundin ninyo siya at manatili kayo sa kanya, dahil siya ang inyong buhay. Kung gagawin ninyo ito, mabubuhay kayo nang matagal doon sa lupain na ipinangako niyang ibibigay sa inyong mga ninuno na sina Abraham, Isaac, at Jacob.” **DEUTORONOMIO 30: 19,20**

Sa paggamit ng Diyos kay Moses upang gunitain at muling bigkasin ang kasunduang ginawa ng Diyos at ng Kanyang mamamayan, si Moses ay nagbigay ng isang mahalagang hamon at pagtatakda. Kung ang mga mamamayan ng Diyos ay pipiliin na huwag Siyang sundin, sila at ang mga susunod pang henerasyon ay magkakamit ng kamatayan at sumpa. Subalit kung pipiliin nilang sumunod sa Diyos, sila at ang mga susunod pang henerasyon ay magkakamit ng buhay at pagpapala. Dahil sila ang gagawa ng desisyon para sa kanilang mga sarili, hinamon sila ni Moses na piliin ang buhay, na nangangahulugan ng pagpili sa Diyos—dahil Siya ang ating buhay at Siya ang nagtakda kung gaano tayo katagal mabubuhay sa mundo. Ang lahat ng patungkol sa atin at ang lahat ng mayroon tayo ay nagmula sa Kanya. Ang pinakamahalagang desisyon na ating gagawin ay ang pagpili kung para kanino tayo mamumuhay. Sa araling ito, ating hihimayin kung ano ang ibig sabihin ni Moses nang kanyang hamunin ang mga Israelita na piliin ang buhay.

1 Mahalin ang Diyos.

“Mahalin ninyo ang Panginoon na inyong Diyos nang buong puso ninyo, nang buo ninyong kaluluwa at nang buo ninyong lakas.”

DEUTORONOMIO 6:5

Ang pagpili sa buhay at sa Diyos ay nangangahulugan ng pagmamahal sa Kanya ng higit pa sa anumang bagay at pagbibigay sa Kanya ng lahat ng pag-ibig na kaya nating ibigay. Ito ay nangangahulugan na ibibigay natin sa Kanya ang ating bukod-tangi at ganap na katapatan. Dapat nating mahalin ang Diyos ng buong puso, kaluluwa, lakas, at kakayanan. Ang ating pinakamahalagang pagpapala – higit pa sa tagumpay at kayamanan sa mundong ito – ay ang ating relasyon sa Diyos, at tayo ay may pagkakataon na ipasa ito bilang pinakamahalagang pamana para sa susunod na henerasyon. Ano ang ilan sa mga bagay na iyong ginagawa upang ipakita ang iyong pag-ibig sa Diyos?

2 Sundin ang Kanyang tinig.

¹“Kung lubos ninyong susundin ang Panginoon na inyong Diyos at gagawin ang lahat ng utos niya na ibinibigay ko sa inyo ngayon, gagawin niya kayong nakakahigit sa lahat ng bansa rito sa mundo. ²Kung susundin ninyo ang Panginoon na inyong Diyos, mapapasainyo ang lahat ng pagpapalang ito:” **DEUTORONOMIO 28:1-2**

Ang pagpili sa buhay ay nangangahulugan ng pagpili sa mga kagustuhan ng Diyos. Kung ang ating sarili lamang ang masusunod, hindi natin pipiliing sundin ang Diyos. Tayo ay may likas na kagustuhan na magkasala, at ang kakayanan na mamuhay nang tuwid at walang kapintasan ay nakasalalay kay Kristo. Subalit bilang mga anak ng Diyos na nakaranas ng Kanyang kabutihan, Siya ay atin nang nakilala, at Siya ay ating sinusunod at sinusundan hindi lamang para makatanggap ng mga pagpapapala kundi para ihayag ang Kanyang karangalan sa ating buhay. Kung nais mong makilala ang Diyos at sundin ang Kanyang tinig, bakit mo kailangang pag-aralan ang Kanyang Salita?

3 Manatili sa Diyos.

“Ang Panginoon ninyong Diyos lang ang dapat ninyon sundin at igalang. Tuparin ninyo ang kanyang mga utos at sundin n’yo siya: paglingkuran siya at manatili kayo sa kanya.” **DEUTORONOMIO 13:4**

Ang pagpili sa buhay, pagmamahal sa Diyos, at pagsunod sa Kanyang tinig ay mga bagay na hindi ginagawa sa isang pagkakataon lamang. Ang mga ito ay dapat nating patuloy at masugid na ginagawa. Iyan ang dahilan kung bakit natin kailangang manatili sa Diyos. Tayo ay walang tigil na naniniwala, umaasa, at nananalig sa Kanya dahil ang desisyon na mamuhay para sa Kanya ay naka-aapekto hindi lamang sa ating buhay kundi maging sa buhay ng mga sumusunod pang henerasyon. Paano mo natutunan na manalig sa Diyos?